# *Pagninilay sa Aklat ng Ruth Yugto 10*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimulan sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth.

***“6 At siya'y bumaba sa giikan, at ginawa niya ang ayon sa buong iniutos sa kaniya ng kaniyang biyanan.7 At nang si Booz ay makakain at makainom, at ang kaniyang puso'y maligayahan, siya'y yumaong nahiga sa dulo ng bunton ng trigo; at siya'y naparoong marahan, at inalisan ng takip ang kaniyang mga paa, at siya'y nahiga.8 At nangyari, sa hating gabi, na ang lalake ay natakot at pumihit: at, narito, isang babae ay nakahiga sa kaniyang paanan.9 At sinabi niya, Sino ka? At siya'y sumagot, Ako'y si Ruth, na iyong lingkod: iladlad mo nga ang iyong kumot sa iyong lingkod; sapagka't ikaw ay malapit na kamaganak.10 At kaniyang sinabi, Pagpalain ka nawa ng Panginoon, anak ko: ikaw ay nagpakita ng higit na kagandahang loob sa huli kay sa ng una, sa hindi mo pagsunod sa mga bagong tao maging sa dukha o sa mayaman.11 At ngayon, anak ko, huwag kang matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi, sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na ikaw ay isang babaing may bait.” (Ruth 3:6-11)***

***“6 At siya'y bumaba sa giikan, at ginawa niya ang ayon sa buong iniutos sa kaniya ng kaniyang biyanan.” (Ruth 3:6)*** Si Ruth ay sumunod sa lahat ng sinabi ng kanyang biyenang babae sa kanya upang gawin. Siya ay masunurin sa mga utos na tinanggap niya. Kapag binasa mo ang talatang ito, maiisip mo na ito ay madali. *Sinasabi ko sa inyo ang katotohanan, marami nang tinanggap nila ang utos, Ipoproseso nila ito sa kanilang isipan at lalabas sa ilang mga bagay na wala sa mga tagubilin. At magsisimulang gumawa ng ilang mga bagay na kakaiba at sa pagsasanay na ito ay labag at sumasalungat sa mga utos na tinanggap nila. * Marami silang magsasabi na gagawin namin, ngunit natagpuan ko na sinabi lamang nilang oo, at ginagawa nila ang kabaligtaran sa kung anong kanilang dininig. Kaya nga lalabas ang mga suliranin at mga isyu dahil sa pagsuway.

***“7At nang si Booz ay makakain at makainom, at ang kaniyang puso'y maligayahan, siya'y yumaong nahiga sa dulo ng bunton ng trigo; at siya'y naparoong marahan, at inalisan ng takip ang kaniyang mga paa, at siya'y nahiga.” (Ruth3:7)*** Si Booz bilang isang binata, nagtatrabaho at naninirahan sa sahig ng bukirin. Ang kanyang mga gawain ay magtrabaho at kumain, uminom at matulog. Makikita mong wala siyang libangan at pagsasayang ng oras na nagdudulot ng kaguluhan sa ating buhay ngayon. Walang TV, walang Facebook, walang You-Tube, Walang mga balita, atbp. Sila’y walang Media at ang paggambala ng Mesia na dinaranas ngayon ng mga tao.

Maingat na napapansin ni Ruth ang lahat ng galaw nito para magawa niya at masunod ang ipinapagawa ng kanyang biyenang babae. Pagkatapos siya’y maingat na dumating. Tingnan dito ang kaamuhan na kinakailangan mula sa babae, na binanggit ni Pedro ang tungkol sa panloob na kagandahan ng asawang babae, isang espiritung maamo at payapa, ***“3 Na huwag sa labas ang kanilang paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit;4 Kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios.” (1 Pedro 3:3-4)*** Si Ruth ay hindi naglagay ng make-up para magpaganda. Marahan niyang inalis ang takip ng kanyang paa, at humiga. Hindi niya ginambala ang kanyang pagkakatulog. Marahil ang buong layunin ng iniutos nii Noemi sa kanya ay upang ipakita sa lalaki ang kanyang palamuti ng isang maamo at payapang espiritu. Ngunit maaring may iba pang mga dahilan. *Ngayon isinasagawa mo ba ang kaamuhan kapag iyong ginagawa at isinasagawa ang mga tagubilin? Nais ng Diyos na gawin mo upang ikaw ay hindi mo magambala ang mga tao at magdulot sa kanila ng sakit at kaguluhan.*

Si Ruth ay ***“inalisan ng takip ang kaniyang mga paa, at siya'y nahiga.”*** Iyon ang posisyon na naglagay sa kanyang sarili upang mahayag sa kanya ang kanyang kahilingan; upang iladlad ang kanyang saya sa kanya; sapagkat siya ay malapit na kamaganak. *Matutunan natin mula dito na kailangan nating magkaroon ng karunungan kung paano iharap ang ating kahilingan nang may tiyak na saloobin, sa mga taong inaasahan nating sasagutin nila tayo at tutugon sa ating mga kahilingan.* Maraming beses na kulang tayo sa ganitong paghahanda kaya hindi natin maihahatid ang ating kahilingan at mga kagustuhan sa mga tao sa tamang panahon at may tamang wika at pag-uugali na kanilang mauunawaan at tatanggapin. *Kailangan mong maging mahinahon, at pag-uugaling mapagkumbaba upang matagumpay mong maiharap mo ang iyong kahilingan sa mga tao*.

***“8 At nangyari, sa hating gabi, na ang lalake ay natakot at pumihit: at, narito, isang babae ay nakahiga sa kaniyang paanan.” (Ruth 3:8)*** Sila’y natutulog nang maaga at sila’y may mahabang tulog sa gabi at kapag sila’y nagising sila’y sariwa at malakas. Nagising siya sa kalagitnaan ng gabi. Siya ay natakot, dahil sa naramdaman niya na may ibang bagay na dumampi sa kanyang paa, at lumingon siya at natagpuan ang isang babae na nakahiga sa kanyang paanan. Siya ay natakot dahil hindi niya inaasahan na may tao sa bukid

Iniisip mo ba na si Ruth ay natutulog nang siya ay magising? Malamang ay hindi, dahil nang kinausap siya nito, siya ay sumagot kaagad. Siya ay gising kaya handa siyang tumugon sa kanya kapag siya ay nagising. *Ikaw ba ay mapagbantay at maingat na naghihintay para magawa mo ang iyong takdang gawain nang maayos?*

*Ikaw ba ay handa na para sa pagparito ni Crsito? Ikaw ba ay gising at naghihintay sa Kanyang pagparito? Simbahan handa ka na bang nang tanggapin ang ating asawa na babalik upang kunin tayo kasama Niya sa Langit?*

*Inihahanda mo na ba ang iyong sarili para sa pagparito ni Cristo? Bilang indibiduwal at bilang mga kasapi kailangan nating ihanda ang ating sarili at maging handa para sa pagparito ni Cristo. Si Cristo ay ating manunubos at tayo'y naghihintay para sa Kanyang pagdating at kunin tayo kasama ng ating mga mga ilawan at langis.*

*Paanong inihanda ni Ruth ang kanyang sarili? Nilinis niya ang kanyang sarili at naligo. Sa parehon paraan kailangan nating maligo gamit ang Salita ng Diyos, ang dugo ni Jesus at hayaang ang Banal na Espiritu na linisin tayo. Pinahiran niya ang kanyang sarili ng langis upang anyayahan ang Banal na Espiritu na suma kanya. Kailangan natin sa parehong paraan na mapahiran at maihanda at pangunahan ng Banal na Espiritu na gawin at mapasa gitna ng kalooban ng Diyos.*

***"9 At sinabi niya, Sino ka? At siya'y sumagot, Ako'y si Ruth, na iyong lingkod: iladlad mo nga ang iyong kumot sa iyong lingkod; sapagka't ikaw ay malapit na kamaganak." (Ruth 3:9)*** Batid ni Booz na tao ang nasa sahig sa tabi niya. Si Ruth ay gising at naghihintay sa kanyang paglipat upang tanungin siya. Sinabi niya sa kanya, ***"Ako'y si Ruth, na iyong lingkod:"*** ipinakita niya ang kanyang kababaang-loob at paggalang sa lalaki na ipinadala ng Diyos sa kanya upang tulungan siya. ***"iladlad mo nga ang iyong kumot sa iyong lingkod; sapagka't ikaw ay malapit na kamaganak."*** Hiniling niya sa kanya na gawin ang idinikdikta ng Salita ng Diyos sa kanya, upang pakasalan siya, bilang isang malapit na kamag-anak, na tinawag upang tubusin ang lupain upang hindi ito makalabas sa kanilang angkan, at upang pakasalan siya bilang balo upang gumawa ng isang pangalan para sa namatay.

***"10 At kaniyang sinabi, Pagpalain ka nawa ng Panginoon, anak ko: ikaw ay nagpakita ng higit na kagandahang loob sa huli kay sa ng una, sa hindi mo pagsunod sa mga bagong tao maging sa dukha o sa mayaman." (Ruth 3:10)*** Si Booz ay nagpalasamat at nagpuri sa Diyos para sa kanyang natanggap mula sa Kanya, sa pagpapadala sa kanya ng mabuting babae na kailangan niya sa kanyang buhay. Kinilala niya na siya ay pinagpala ng Panginoon, dahil sa kanyang kagandahang loob patungo sa namatay na asawa at patungo sa kanyang biyenang babae, gayundin ng kanyang pagpayag na magpakasal sa matandang lalaki, at hindi siya naghanap ng kabataang lalake, at hindi siya gumawa ng pagkakaiba sa pagitan ng mahirap o mayaman na tao. Napagtanto niya na si Ruth ay sumusunod ayon sa kalooban ng Diyos at namumuhay ng kanyang buhay upang palugdan ang Diyos. Batid niya rin ngayon na ang kanyang biyenang babae ang nagtuturo sa kanya, dahil sa kanyang sarili ay hindi niya alam iyon, at ginagawa niya iyon bilang pagsunod sa Salita ng Diyos.

***"11 At ngayon, anak ko, huwag kang matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi, sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na ikaw ay isang babaing may bait." (Ruth 3:11)*** Tinawag niya siyang ***"anak ko"*** dahil may malaking pagitan sa edad nila. Ganon din ay isang tanda ng kadlisayan sa pagitan nila. Tiniyak niya sa kanya na huwag matakot sa anumang bagay mula sa kanyang panig nang sinabi niya sa kanya ***''huwag kang matakot''.*** Ang mensahe ngayon ay para sa mga naglaan ang kanilang pagtitiwala sa Diyos at nagnanais na sumunod at mapasa gitna ng kalooban ng Diyos na hindi nila kailangang matakot habang inilalaan nila ang kanilang pagtitiwala sa KANYA.

Si Booz ay isang lalaking may takot sa Diyos at handang gawin ang lahat ng ipapagawa sa kanya ng Panginoon, dahil ipinangako niya ''***gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi,''*** at ibinigay niya sa kanya ang dahilan nito, ***''sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na ikaw ay isang babaing may bait.''*** Nakikita mo na karapatan ito ni Ruth na hilingin kay Booz na pakasalan siya, ngunit mas handa niyang gawin iyon dahil sa kabaitan at pag-uugali ni Ruth at hindi lamang dahil siya ay malapit na kamag-anak. Sinabi niya sa kanya na handa niyang gawin iyon dahil alam ng lahat sa lungsod na si Ruth ay babaing may bait. Paano nalaman sa bayan a siya ay babaing may bait? Kilala ng lahat si Noemi, at lahat ay alam ang kanyang salaysay at kung paanong si Noemi ay bumalik gaya ng mababasa natin dito, ***''Sa gayo'y yumaon silang dalawa hanggang sa sila'y dumating sa Bethlehem. At nangyari, nang sila'y dumating sa Bethlehem, na ang buong bayan ay napataka sa kanila; at sinabi ng mga babae, Ito ba'y si Noemi?'' (Ruth 1:19)*** Kaya ang salaysay ay laganap, lalo na siya ay dayuhan at handang iwanan ang kanyang ama at ina at ang kanyang sariling lupang at sumama kay Noemi upang alagaan siya.

*Ngayon kung ating ilalagak natin ang ating pag-asa at pagtitiwala kay Cristo lamang, sa gayon kailangan nating isuko ang ibang mga plano at ibang mga paraan.* Ang ilan mga tao sinasabi nila na inilalagay na nila ang

kanilang pagtitiwala kay Cristo, ngunit sa kanilang paningin ay sa kayamanan, sa kabataan, sa katanyagan, sa mataas na pamantayan, sa magagandang lugar, at hindi sa mga pagpili at kalooban ni Cristo.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Lumapit ngayon sa Diyos sa pagsisisi at suriin ang iyong sarili.
*Ginagawa mo ba ang mga tagubilin na ibinbiigay sa iyo o gingawa mo ang iyong pansarili?*
*Ginagawa mo ba ang lahat ng iyong makakaya upang mapasa gitna ng kalooban ng Diyos o ang iyong pagtutulak sa iyong sariling kalooban? Inilalagay mo ba ang iyong pagtitiwala at pag-asa kay Cristo lamang, o sinusubukan mo pa rin na lutasin ang mga prblema ng iyong sariling mga paraan?*
*Isuko mo na ngayon ag iyong sariling mga plano at itakwil ang iyong sarili at talikuran ang makamundong mga bagay na mag-aalis sa iyo kay Cristo, upang makatagpo mo si Cristo at papasok Siya sa iyong buhay at gagabayan ka at papatnubayan ka hanggang Siya ay pumarito at kunin tayo kasama Niya sa Langit at mabuhay kasama Niya magpakailanman.*

*Handa kana ba sa pagparito ni Cristo? Ikaw ba ay gisng at naghihintay para sa Kanyang pagparito? Ikaw ba ay nabubuhay ayon sa Kanyang Salita at kalooban.? Simbahan handa ka na bang tanggapin ang ating asawa na babalik upang kunin tayo kasama Niya sa Langit?*

*Inihahanda mo na ba iyong sarili para sa pagparito ni Cristo? Bilang mga indibiduwal at bilang mga kasapi kailangang ihanda natin ang sa ating mga sarili at maging handa para sa pagparito ni Cristo. Si Cristo ay ating manunubos at tayo'y naghihintay para sa Kanyang pagdatiing at kunin tayo kasama ng ating mga ilawan at langis.*

Tayo ay manalangin.........

***Ang akng Panalangin:*** *Amang Diyos, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong mensahe na itinuro sa akin upang isuko ag aking buhay at ang aking kalooban sa iyo.*

*Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa lahat ng iyong mga kasalanan, talikuran ang pagmamataas, paggawa ng iyong pansariling kalooban, pagtanggi sa plano ng Diyos, at pagsunod sa iyong laman at makamundong pagnanasa. Panginoon patawarin mo ako at ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan____________________.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa aral na aking tinanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito na gawin at isagawa ito sa aing buhay. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang magpakumbaba, makinig at gawin ang mga tagubilin na ibinigay sa akin mula sa matatanda. Panginoon aking isinusuko ang aking buhay at aking kalooban sa iyong kamay, Panginoon ipinakukumbaba ko ang aking sarili sa iyong kamay, Pangioon gabayan mo ako, handa kong gawin ang iyong kalooban nang lubos at isagawa ang plano na itinakda mo sa akin upang matupad.. Panginoon ipinapangako ang aking sarili na ipakita ang bunga ng Banal na Espiritu pagibig, kagalakan, kahinahunan, pagpipigi sa sarili, pagtitiyag, kaamuhan, kabaitan, mahabang pagtitiis at ang lahat ng bung upang makita ng iba si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapataid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mgas layunin ng mensahe. Panginoon gabayan mo sila at patnubayan sila unti unti na gawin ang mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon protektahan sila, alalaya sila at ibigay ang para sa kanila. Panginoon gantimpilaan sila sa bawat gawa ng pagsunod at sa pagpapasakop sa iyong plano at kalooban.*
*Panginoon ako'y nanalangin na kami'y iyong tutulungan bilang isang simbahan upang ipatupad ang iyong Salita at ang aral na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon habang ipinagkukumbaba namin ang aming saril sa iyong kamay itaas mo kami sa tamang panahon. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu upang patuloy na magebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad at buuin ang gawain na itinalaga mo para sa amin. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos.' Panginoon tulungan kaming makapagtanim ng bagong pag-aara ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upag hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakkipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagninilay mula sa aklat ng Ruth Yugto 10. Ruth 3:6-11. 1 Pedro 3:3-4. Ruth 1:119.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.